The City of SAN DIEGO







# Title VI




**Alinsunod sa Title VI ng Civil Rights Act of 1964 (Batas sa mga Karapatang Sibil ng 1964), nakatuon ang Lungsod ng San Diego sa pagtitiyak na walang isuman ang hindi isasali sa pakikibahagi, tatanggihan ng mga benepisyo sa, o mapapailalim sa diskriminasyon ng alinman sa mga programa ang aktibidad ng Lungsod.**

Pinangangasiwaan ng Lungsod ang mga programa at aktibidad nito nang walang pagsasaalang-alang sa lahi, kulay ng balat, bansang pinagmulan, o iba pang mga protektadong katayuan. Bukod dito, ipinagbabawal ng Lungsod ang diskriminasyon ng mga empleyado, kontratista, at sinumang kumikilos sa ngalan ng Lungsod.

Ang sinumang taong naniniwalang sumailalim sila sa diskriminasyon sa mga programa o aktibidad ng Lungsod dahil sa kanyang lahi, kulay ng balat, o bansang pinagmulan ay maaaring magsampa ng pormal na reklamo sa Title VI Coordinator ng Lungsod ng San Diego sa loob ng 180 araw ng sinasabing (mga) pagkilos na nagdidiskrimina. Ang mga reklamo ay dapat malagdaan at maisumite sa paraang nakasulat gamit ang isa sa mga paraan ng pakikipag-ugnayan na nakasulat sa ibaba. Kung isinumite sa pamamagitan ng telepono, pagsusumikapan ng mga kawani ng Lungsod na isulat ang alegasyon sa form ng reklamo at ibigay ito sa nagrereklamo para makumpirma o marebisa at malagdaan bago iproseso. Kung isinumite sa pamamagitan ng email, dapat kasama sa email ang nilagdaan at pinetsahang reklamo bilang kalakip. Ang sinumang taong nangangailangan ng makatuwirang akomodasyon ay maaaring makipag-ugnayan sa Title VI Coordinator para makakuha ng tulong sa pagsasampa ng reklamo.

Para sa impormasyon tungkol sa Programa sa Title VI ng Lungsod, bumisita sa **www.sandiego.gov/TitleVI** o makipag-ugnayan sa Title VI Coordinator:



**202 C Street MS 8A**
**San Diego, CA 92101**
**titlevi@sandiego.gov**

Telepono: **619-629-9073**
Fax: **619-533-3320**

Tinitiyak ng Lungsod ng San Diego ang makabuluhang pag-access sa mga programa, serbisyo, at aktibidad ng Lungsod sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga serbisyo ng pagsasalin sa wika at interpretasyon at mga pagbabago, kaluwagan, o mga alternatibong format na nauugnay sa kapansanan. Para hilingan ang mga serbisyong ito para sa impormasyong nakasulat sa poster na ito, makipag-ugnayan sa Title VI Coordinator gamit ang isa sa mga pamamaraang nakalista sa itaas.

- Translation and interpretation services are available.
- Hay servicios de traducción e interpretación disponibles.
- 提供笔译和口译服务
- Có sẵn dịch vụ dịch thuật và phiên dịch.
- Mayroong mga serbisyo ng pagsasalin sa wika at interpretasyon.







SD Compliance Department